# **HA? ANO?** by stainless_pen ♥

***"HA? ANO?"***

Yan lang ang palaging tanong ko sa kanya. Ang hirap kasing intindihin ng mga sinasabi niya. Puro hand signs.

**"eh. Sorry ha? hindi ko kasi maintindihan."** Kumuha ako ng isang papel at ballpen sa bag ko at binigay sa kanya.
**"oh eto. Isulat mo nalang dyan para maintindihan ko."**

hindi niya kinuha ang papel. Umiiling-iling siya at wini-wave yung kamay niya na parang sign na 'wag nalang' .

He left....

....leaving a smile on my face.

I felt my face heated up!

**"Shine! halika na! wag ka nang matulala dyan! Punta na tayo sa canteen! ginugutom na ako!"**

pumunta na ako ky Pink at sinabyan ko na siyang pumunta sa canteen.

After naming kumain, bumalik na kami sa classrom at saktong-saktong dumating na si ma'am.

Natapos na ang klase. Dismissal time na.

**"Shine, mauna ka nalang umuwi. May practice pa kasi kami sa cheering squad para sa dadating na competition."** sabi ni Pink

**"Sige Pink. Good luck sa contest niyo. Sana mananalo kayo."** Sagot ko sa kanya at kumaripas na siya palayo.

Mag-isa nalang ako ngayong uuwi. Di bale malapit lang naman ang bahay nami. 2 blocks away lang at walking distance siya.

Dumaan muna ako sa locker ko para iiwan na yung mga books ko.

3:45 pa. Pwede pa siguro akong pumunta sa mall para bilhin yung mga gamit ko sa project.

After that, uuwi na ako kasi ayaw ni mama na magagabihan ako sa pag-uwi.

Naglalakad na ako papuntang gate ng school.

**

Yung about sa lalaking kuma-usap sa akin kanina, siya si SING. Ang lalakeng walang boses...

...dahil isa siyang pipi.

kinakausap niya ako sa tuwing may kailangan siya pero hindi ko maintindihan ang sinasabi niya. Binibigyan ko nalang siya ng papel at ballpen pag nag sa-sign language siya. Hindi kasi ako marunong umintindi nun.

Sinusulat niya doon kung anong kailangan niya. Doon sa papel na laging nakatago dito sa puso ko este sa bag ko. Yun ang papel na lagi kong iniingatan. Ang dami na niyang sinulat doon at ang ganda pa ng penmanship.

One time sinulat pa nga nya ang pangalan ko doon at ang kasunod na word ay 'ganda'

*....'Shine ganda'....*

Nung una, nalilito ako dahil baka mali lang yung pagkadinig niya sa tv pag tinatawag ang pangalan ni vice ganda.

Pero pagkatapos niyang sinulat yon, tinuro niya ako at pinagdikit ang dalawang niyang middle finger atsaka nilapit sa baba niya ang back part ng kamay niya na nakaform ng V.

nagets ko naman kung anong gusto niyang ipahiwatig.

**"ha? ano? ako? maganda?"**

nagtango-tango siya at dun ko lang naintindihan ang sinabi niya.

.........maganda daw ako.....

Yun lang ang salitang naintindihan ko sa kanya.

hindi ko namalayan na nagblush na pala ako sa harap niya. Bigla siyang nagsmile at kinurot yung mga pisngi ko.

*Siya si* ***Sing, ang crush (slash) mahal kong pipi.***

**

**"mahal ko na ata si Shine pare."** Malapit na sana ako sa gate nang may narinig akong dalawang lalakeng naka-upo sa bench sa garden ng school. Napatigil ako sa paglalakad dahil narinig ko ang pangalan ko na pinag-uusapan nila.

Agad naman akong nagtago sa isang puno doon habang sumisilip sa kanila. Hindi ko makita ang mga mukha nila dahil nakatalikod sila pero dinig na dinig ko ang boses nila.

Pamilyar yung likod ng isang lalaki.

**"eh bakit nagpipipihan ka pa dyan? Bat ayaw mong magsalita sa kanya?"** tanong nung isang lalaki.

**"ang hirap na kasi pag nagsalita pa ako sa kanya. Baka madulas ako at masabi ko pang mahal ko siya. Isa pa, nagiging speechless din ako pag kaharap siya. Parang may nagkakarera sa puso ko pag nakikita ko siya. She's like an angel pare. At isa pa, ang cute-cute niya pag nalilito sa mga sinasabi ko. Haha! Yung expression nya kapag sinasabi niya ang mga katagang 'HA? ANO?'. Pilit niya akong iniintindi. Nilalabas niya ang nagiisang papel na sinusulatan ko. Atleast may remembrance ako sa kanya diba? Sana itago niya yung papel na yun. Maalala niya sana ako pagbalik ko dito sa pinas. Isa pa pare, kapag kakausapin ko siya ngayon, baka ayaw ko nang umalis sa tabi niya. Baka hindi na ako titigil sa kakausap sa kanya hanggang sa umalis kami patungong France. Mas mabuti na sigurong magpipipipipipihan nalang ako sa harap niya."**

HA????? ANO??????

Si Sing ba yun? Yung kinakausap ng isang lalaki? yung kumakausap ngayon? Hindi siya pipi? Nakakapagsalita siya?

**tsiiing!**

agad akong napatakip ng bunganga nang mahulog yung mga susi mula sa bag ko habang nagtatago dito sa malaking puno.

patay! lumingon sila!

pssshhhhh.. buti hindi ako nakita.

**"pare, narinig mo yun? may tao ba sa likod ng puno?"**

**"hindi ko alam pare pero narinig ko yun. parang tunog ng susi na nahulog"**

OHMYYYY! ANG HIRAP PALA MAGING SPY!

**"pare, back to the topic."** hayy salamat. I sigh when I felt relief. **"Ako pa sa'yo, kausapin mo na siya. Walang kahihinatnan ang pagiging torpe. Ayaw mo pa ba nun? Makakausap mo siya kahit bilang nalang ang araw mo dito sa mundo? este dito sa pinas?"**

**"Gusto. Pero ok na kasi ako sa ganun lang eh. Kinakausap ko naman siya. Yung nga lang, walang boses. Atsaka atleast may salita siyang nakatatak sa utak ko. Yung pagsabi niya ng 'ha? ano?'"** He smiled after he said those words. **"At sa nalalabing araw ko dito sa pinas? gusto kong ulit-ulitin niya yun sa akin. At yung face**

**niya, ang cute-cute! Napakatalino pa niya at napakabait!"**

**"Hala sige pare. Uuwi na ako. Umaambon na. Uwi ka na rin. Mababasa ka dyan. Good luck nalang sa pagiging torpe mo. Wala na akong ibang advice sayo kundi kausapin siya. Bye pare! kita kitz bukas!"** sabi nung isang lalaki at tumalikod na kay Sing.

**"pare!"** lumingon yung pare niya then he gave his pare a weak smile. **"na-move yung flight namin. Hindi na tayo magkikita bukas.... dahil bukas na kami aalis."**

**"HA!? ANO?!"** ooops! patay! hindi ko talaga napigilan ang sarili ko. Bigla nalang akong umalis sa likod ng puno kahit palakas nang palakas ang ulan at kitang-kita ko ang paglingon ni Sing at kanyang pare sa akin.

Kitang-kita na nila ako at halatang-halata ang pagkagulat sa kanilang mga mukha.

Kahit ako, nagulat din sa ginawa ko.

Natulala si Sing at napalingon sa pare niya. Nakita kong may sinenyas ang pare niya sa kanya at tuluyan nang lumakad palabas ng gate.

**"A-aalis ka na b-bukas?"** tanong ko habang pinipigilan ang mga luha na parang tutulo na talaga ng hindi oras. Buti nalang at umuulan. Hindi gaanong halata na iiyak ako.

tumango si Sing.

**"I-iiwan mo** *hikbi* **n-na ako?"**

yumuko siya at lumapit sa akin.

Niyakap niya ako.

Ang sarap pala sa pakiramdan na yakapin ka ng taong mahal mo.

Sana ganito kami hanggang matapos ang ulan, hanggang umalis siya.

**"Sorry ha? hindi ko agad sinabi sayo."** bulong niya habang nakayakap parin sa akin.

This is the first time I heard his voice.

**"Shine...."** lumayo siya sa pagkayakap at tinaas ang kamay niya.

nag sign language nanaman siya at tinry kong intindihin pero hindi ko agad maintindihan kasi ang bilis magchange ng position ng kamay nya into new letter nanaman.

**"ha? ano?"** tanong ko with my very confused expression.

**"hehehe"** okay? tatawanan lang ako? tatawanan lang ang kinikilig na si ako? xD

**"ganito oh"** nagsign siya ng isang letter at sinabi sa akin ang bawat letter.

**"ay"** I

**"el"** L

**"ow"** O

**"vi"** V

**"eee"** E

**"way"** Y

**"ow"** O

then tinuro nya ako at pabulong na sinabi ang last letter ...

....."**you**" U

bigla niya akong hinatak at niyakap nang mahigpit.

**"Mahal kita Shine. Mamimiss kita."** pabulong niyang sinabi pero biglang lumakas ang ulan.

**"HA??? ANO??? HINDI KO MARINIG KASI ANG LAKAS NG ULAN!"** tanong ko ulit habang naka smile sa kanya.

**"MAHAL KITA AT HINDI NA KITA MAMIMISS DAHIL AYAW KO NANG UMALIS BUKAS! HINDI NA AKO PUPUNTA SA FRANCE DAHIL GUSTO KITANG MAKASAMA!"** sigaw din niya

**"HAAAAAAAA????? ANOOOOOO???? HINDI KO MAINTINDIHAN BASTA MAHAL DIN KITAAAA!"**

**"WAG KA NANG MAGBINGI-BINGIHANG! IKIKISS PA KITA DIYAN EH!"**

eh? ano daw? kiss? hindi ko kasi talaga maintindihan kasi ang lakas lakas ng ulan!

hindi na ako naka-react pa.

after that, he lift me and gave me one sweet kiss under the pouring rain.

lumayo ako sa kanya nang konti tapos sinabing....

**"Sing"**

**"hmm?"**

**"hindi kasi ako marunong mag hand sign. Pwede bang ganito nalang?"**

**"ha? ano?"**

**"1.4.3."**

~THE END. ♥

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Yipeeeee! Ang saya saya ko nung naka type na ako ng salitang THE END! haha! Ito kasi ang first story na natapos kong gawin. Yung iba kasi puro on-hold na kasi nakalimutan ko yung mga plot. hahaha epic FAIL! xD

Salamat po sa nagbasa! Vote and comment po if you want :)

*-stainless_pen* ♥
~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~